

1

1996

Alertong napatingin ang batang si Isabel nang sumunod sa kanya ang makulit na anak ni Doña Matilda. Payat ito at namumula ang maputing mukha. Nagbabad na naman siguro sa ilalim ng araw.

“Umalis ka na sabi. Alis!” pagtataboy ng limang taong gulang na si Isabel sa batang si Marcus.

“Laro tayo,” pilit nito at hinawakan siya sa kamay.

“Ayoko nga.” Sumimangot siya. “Inay, o!” sumbong niya nang hilahin siya ng batang lalaki. Kasalukuyang silang nasa kusina ng mansion.

Aso’t pusa ang dalawa na laging nag-aaway ngunit agad din namang nagkakabati.

“Ano ba itong mga batang ito?” Hindi na magkandaugaga si Nora sa paghihiwa ng mga gulay na isasahog sa kare-kare. “Makipaglaro ka na, Isabel. Doon kayo sa labas dahil mag-uumpisa na akong magluto,” taboy nito sa dalawa.

Kusinera si Nora sa *Hacienda Hermosa*. Halos magsasampung taon na itong naninilbihan doon. Dito na rin nito nakilala at napangasawa si Carmelo na isa sa mga trabahador. Sa kabaitan ng nasirang si Don Rodrigo na ama ni Marcus, nakapagpatayo sila ng kubo sa loob ng hacienda.

“Inay, pagagalitan na naman ako ni Doña Matilda kapag nakita kami,” madiin at halos pabulong na sabi niya.

Sa batang edad ni Isabel ay matandain na siya, lalo na kapag napapagalitan. Hindi siya madaling makalimot.

Ilang beses na silang nakita ni Doña Matilda na magkalaro at madalas siya nitong bugawin na parang langaw.

“Kung dito kayo sa kusina, ayoko ng magulo,” ani Nora. “Puwede naman kayong maglarong dalawa, huwag ka lang magpapakita kay Doña Matilda,” sabi pa ng ina sa mahinang boses.

Napalabi si Isabel at lumabas ng kusina. Sumunod ang batang lalaki. Tuwing Sabado ay ganoon ang eksena ng dalawang bata. Walang pasok ang Grade 1 na si Marcus. Hindi pa nag-aaral si Isabel dahil may kalayuan ang pampublikong eskwelahan.

“Halika na kasi.” Wala nang nagawa si Isabel nang hilahin siya ni Marcus.

“Ang kulit mo!” Kinurot niya ito.

Ganoon ang bata kapag nanggigigil kay Marcus.

“Aray!” sabi ni Marcus.

Hindi naman nagalit o gumanti ang isa bagkus ay tatawa-tawa lang.

Nakarating sila sa hardin. Natatamnan iyon ng mga rosas at santan. Tiningnan ni Isabel ang nilalakaran dahil sa takot na matapakan ang ibang maliit na halaman.

“Ayokong makipaglaro sa iyo kasi lagi mo akong dinadaya.” Tagu-taguan ang madalas nilang laruin ngunit bihirang manalo si Isabel. “At lagi ako ang taya,” nakalabing dugtong ng batang babae.

“Ang bagal mo kasi at saka hindi mo alam kung saan ka magtatago,” nakangiting sagot ni Marcus. “Sige, ako muna ang taya.” Natutuwa ang batang lalaki kapag naiinis ang kalaro lalo na kapag nahuhuli nito si Isabel sa pinagtataguan.

“Sige.” Naghanda na ang bata, agad na lumibot ang mga mata kung saan puwedeng magtago.

Sa katawan ng isang kalapit na puno, sumubsob ang batang lalaki. “Pagbilang ko ng sampu nakatago ka na. Isa, dalawa, tatlo...” Lumingon si Marcus at nakita nito kung saan nagtago ang kalaro. Mabilis na nagbilang ito hanggang sampu at tinungo ang pinagtataguan ni Isabel.

“Huli!” sigaw nito.

“Madaya ka naman talaga, eh. Ang bilis-bilis mong magbilang.” Umiiyak na si Isabel.

“Iiyak ka na naman. Iyakin ka talaga.” Sumimangot ang batang lalaki.

“Ayoko na! Uuwi na ako.” Mabilis siyang tumakbo pabalik sa kusina para magsumbong sa ina.

“Sandali!” habol ng batang lalaki. “Huwag ka nang umiyak. Bibigyan kita ng chocolates.”

Tumigil si Isabel sa pagtakbo at lumingon dito.

“Chocolate lang talaga ang magpapatigil sa iyo.”

Tinuyo ni Isabel ang luha sa mga pisngi. “Bibigyan mo ako?” Nagliwanag na ang mukha niya.

“Oo. But don’t tell anyone.”

Mabilis siyang tumango.

“You wait here.” Mabilis na tumakbo si Marcus at pumasok sa kabahayan.

Ilang saglit ding naghintay si Isabel. Pagbalik ni Marcus ay halos umawas ang bulsa nito dahil sa dami ng tsokolate.

Napangiti si Isabel at ibinukas ang mga palad. Namilog ang mga mata niya nang bigyan siya ng kalaro ng tsokolate. Tuwang-tuwang binalatan niya ang isa at kinain. Mayamaya ay pilyang tumakbo siya palayo kay Marcus.

“Hoy! Huwag mo akong iwan dito.” Tumakbo ito kasunod ng batang babae.

Matiyagang naghihintay ang batang si Marcus sa ina. Linggo nang araw na iyon at nakabihis na siya. Magsisimba sila. Ilang saglit lamang ay naamoy na ng batang lalaki ang pamilyar na pabango. Hudyat na natapos na ang ina sa pag-aayos at nagwisik na ito ng paboritong pabango.

“Marcus, where are you?” tawag ng ina mula sa kuwarto nito.

“I’m here, Ma!” sagot niya.

Lumabas na si Doña Matilda. Nakasuot ito ng

puting bestida.

Napakaganda ng ina. Maayos ang pagkakapusod ng buhok nito. His father's death a year ago changed a lot of things in his mother's life.

Ang ina na ngayon ang namamahala sa kanilang ekta-ektaryang hacienda. Ipinagpatuloy nito ang negosyo ng ama. Mangga, kalamansi at mga gulay ang pangunahin nilang mga produkto.

“Lets go, anak.” Isinukbit na nito ang bag sa balikat.

Sa simbahan ay dere-derecho sa unahang upuan ang mag-ina. May naghihintay nang upuan sa dalawa. Katabi nila ang mayayaman sa Sta. Ines.

Lutang ang angking kagandahan ng ginang kaya hindi mapigilan ng iba ang mapatingin dito.

Naispatan ni Marcus na nasa kabilang banda sa likuran lamang si Isabel at ang mga magulang nito.

Kinawayan ng batang lalaki si Isabel. Nakita iyon ni Doña Matilda. Pasimpleng sinaway nito ang anak at pinanlakihan ito ng mga mata.

“Marcus, I don't want to see you playing with her,” sita ni Matilda nang akmang kakaway ulit ang bata.

Ikaw Pa Rin - Monica Dana

Ayaw ng ginang na nakikisalamuha ang anak dito.

Natahimik si Marcus. Nakatingin siya sa batang si Isabel na kumaway pa sa kanya. Tinaasan lang ni Doña Matilda ng kilay ang batang babae.

2

Hunyo 2006

Napatingin si Isabel sa mga dala ni Marcus. “Ano’ng gagawin ko sa mga iyan?” Mga lumang libro iyon sa high school ni Marcus. Nalaman kasi ng binatilyo na papasok na siya sa high school. “Hindi ko naman magagamit ang mga iyan dahil sa private school ka. Magkaiba tayo.”

“Keep them with you. Malay mo magamit mo din as reference books.”

“Baka magalit na naman ang mama mo sa akin dahil ibibigay mo iyan lahat.” Napalabi siya.

“Ako na’ng bahala.” Nasa kolehiyo na ang lalaki. “I’m happy you’re going back to school.” Masaya ang mga matang tumingin ito sa kanya. “But promise me you will behave. Huwag ka muna magpapaligaw.” Seryoso ang mukha nito.

“Ako na siguro ang pinakamatanda sa klase namin. Huwag kang mag-alala.” Sa edad na kinse ay saka pa lamang siya muling mag-aaral. “Sana ikaw

din mag-behave. Alam ko madaming magaganda sa Maynila.”

Ngumiti ang binata sa kanya. “Ikaw pa rin ang pinakamaganda.”

2010

Alas cinco na ng hapon. Matapos ayusin at ipusod ang mahabang buhok, dali-daling lumabas ng kuwarto si Isabel. Disinueve na siya at tapos na ng high school. Hindi na siya nakapag-enrol sa kolehiyo. Gusto niya sanang kumuha ng kursong Hotel and Restaurant Management pero hindi nila iyon kayang tustusan kaya ang training na lamang ng dressmaking sa bayan ang pinagbuti niya.

Hilig din naman niya ang pananahi at pagdidibuho kaya pinili na lamang niya iyong kaya ng bulsa ng mga magulang.

Sa kasalukuyan, tumutulong siya sa kusina sa mansion. Kumikita na rin siya sa pananahi at ibinibigay niya iyon sa ina.

“Saan ka pupunta?” tanong ni Aling Nora na nakaupo sa papag malapit sa bintana. Nagsusulsi ito

ng mga damit ng asawa.

“Inay, diyan lang ho sa burol. Hinihintay ako ni Marcus. May ibibigay daw siya sa akin. Uuwi din po ako agad,” mabilis na sabi niya.

“Bumalik ka agad bago maghapunan,” bilin ng ina.

“Opo,” aniya at kumaripas na ng takbo. Hindi na siya makapaghintay na makita ang kaibigan.

Nakarating siya na hingal na hingal. Napaupo siya sa damuhan. Nandoon na ang lalaki. Prenteng nakasandal ito sa puno ng acacia. Nakatanaw na naman ito sa papalubog na araw.

“Kanina ka pa?” hingal pa ring tanong niya bago lumapit dito at naupo sa tabi nito.

Binalingan siya nito. “Late ka na naman ng twenty minutes.” Ganoon ang binata, laging kinakalkula ang minutong nahuhuli siya ng dating sa kanilang usapan.

Semestral break ni Marcus at sa hacienda ito naglalagi. Nag-aaral ito ng Business Administration sa isang unibersidad sa Manila.

“Pasensya ka na, tinapos ko pa ang gawain ko sa kusina.” Napatingin siya sa lalaki. Nasinagan ng araw ang mukha nito. Kahit kaibigan niya ito ay hindi niya

mapigilang mapahanga rito.

Ang tangos ng ilong nito at ang pula ng mga labi.

Ang guwapo talaga niya! sigaw ng isip ni Isabel.
Agad niyang kinastigo ang sarili.

Nahuli siya nitong nakatingin. Tumaas ang kilay nito.

Napangiti si Isabel. Alam niyang naiinis ito kapag ganoong nakataas ang kilay.

“Para sa iyo.” Iniabot nito sa kanya ang isang puting paper bag.

Excited na tinanggap niya iyon. Ang laki ng ngiti ni Isabel nang makita niya ang laman. *Mars, m&m, Snickers* at iba pang imported na chocolates. Mga paborito niya.

“Alam na alam mo ang ibibigay mo sa akin. Salamat.” Dahil sa tuwa ay nayakap niya ito nang wala sa oras.

Dahil kay Marcus nakakatikim siya ng mga tsokolateng mamahalin.

Tila nagulat ang lalaki, ngunit nakabawi rin agad. Gumanti ito ng yakap.

“Dapat pala lagi kitang bibigyan ng ganyan para

may kapalit na yakap,” biro nito.

Mabilis na humiwalay rito si Isabel. Itinulak niya ito. Napahiya.

Nakangiting nakamasid lamang si Marcus sa dalaga. Bahagyang hinangin ang bangs ni Isabel.

Sa paningin ni Marcus napakaganda ng kababata. Pantay na pantay ang kayumangging kulay. Buhay na buhay ang itimang mga mata ng dalaga.

“Ano na naman ba ang iniisip mo?” puna ni Isabel.

Napabuntong-hininga si Marcus. Ilang araw nito iyong pinag-isipan. Paulit-ulit na inensayo kung ano ba ang sasabihin. “Wala pa bang nanliligaw sa iyo?”

“Wala pa naman.” Matipid siyang ngumiti.

“I like you, Isabel.” Tinitigan ni Marcus ang halatang nagulat na dalaga.

Natigil sa pagnguya si Isabel. “Nagbibiro ka na naman.” Pinanliitan niya ng mga mata si Marcus na nakatingin lang sa kanya. Kumabog ang kanyang dibdib.

Umiling ito. “Seryoso ako.”

Isang malaking kasinungalingan kung sasabihin

niyang ayaw niya rito.

“Bakit?” tanong niya bago nag-iwas ng tingin. Dati ay kaya niyang makipagtitigan dito. Ngayon ay naaasiwa na siya.

“Matagal na tayong magkakilala. Mabait ka. Ikaw ang gusto ko,” siguradong sabi ni Marcus.

“Pero mahirap lang kami.” Iyon agad ang pumasok sa isip niya. “At alam na alam mo na ayaw sa akin ng mama mo. Mga bata pa lang tayo ayaw na ayaw na niyang makipaglaro ako sa iyo. Parang insekto ang tingin niya sa akin na ayaw niyang dadapo sa iyo,” may hinanakit na sabi niya. “Ano na lang ang sasabihin ng mama mo? Ng ibang tao? Ayokong isipin nila na pera lang habol ko.”

“Kilala naman kita. Hindi ka ganoon. At sino ba ang mas mahalaga? Sila o ako?”

Napalabi ang dalaga. “Ikaw.”

“Iyon naman pala,” nakangiting sabi ng lalaki. “Gusto mo ba ako o hindi?”

“Gusto, siyempre.” Nahiya siya. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang mukha.

“Huwag na natin itong patagalin.” Ginagap nito ang kanyang kamay at hinalikan iyon.

Nagulat ang dalaga at mabilis na binawi ang kamay. “Hindi mo pa nga ako nililigawan ”

“Kailangan pa ba iyon? Ang tagal na nating magkakilala. Ganoon din naman iyon.” Napakamot ito sa ulo.

Napalabi si Isabel. Kung ibang babae siguro ay papayag na maging kasintahan si Marcus kahit wala nang ligawan.

“Hayan, binigyan na kita ng chocolate. Maliliit pa tayo ginagawa ko na ’yan. At saka hindi ako marunong manligaw.” Napabuntong-hininga ito. “Kilala mo naman ako. Malinis ang hangarin ko sa iyo. At matagal na tayong magkaibigan.”

“Sige na nga. Kung hindi ka lang malakas sa akin.”

Natuwa ang lalaki. Nayakap siya nito.

Itinulak ito ng dalaga. “Agad-agad!” kunwa’y galit pero nakangiting sita niya.

“Itay, magpapaalam ho sana ako. Pupunta kami bukas ni Marcus sa aplaya,” nakangiting sabi niya habang nag-aagahan silang mag-anak.

Malapit lang iyon sa hacienda ngunit kailangan pa ring gumamit ng sasakyan.

“Mukhang magtatagal si Marcus dito sa hacienda. At napapadalas ang pagkikita ninyo, anak,” puna ni Mang Carmelo. Maitim at nangingintab ang balat nito dahil sa madalas na paglalagi sa ilalim ng araw.

“Ngayon lang ho, Itay. Pasukan na nila sa susunod na linggo. Babalik na din po siya sa Maynila,” aniya at sumubo ng kanin.

“Pati ang ibang trabahador ay nakikita kayo, Isabel,” pagpapatuloy ng ama. “Kayo ba ay may pagkakaintindihan na ni Marcus?” seryosong tanong nito. Pansin nito ang kakaibang ikinikilos ng anak.

Hindi siya nakasagot. Ayaw niyang sabihin ang totoo sa ama dahil natatakot siyang mapagalitan. “Itay, wala naman po kaming ginagawang masama.”

“Alam ko naman iyon, Isabel.”

“Mula pagkabata, Itay, alam ninyong siya ang pinakamalapit na kaibigan ko dito sa hacienda.”

“Dumistansya ka sa kanya, anak. Putulin n’yo na ang ugnayan ninyo. Ayokong may masabi si Doña Matilda sa iyo. Alam mo naman, minsan matalas ang dila niya.”

“Susubukan ko po, Itay,” malungkot na sabi niya.

“Anak, pinagsasabihan lang kita. Walang masama sa ginagawa ninyo, oo. Ang masama ay ang isip ng mga tao. Mag-iingat ka.”

Asul na asul ang kulay ng karagatan. Masarap lumusong sa tubig.

Napangiting tumingin ang binata kay Isabel. Agad nawala ang ngiti niya. “May problem ba? Ayaw mo ba dito?”

Ngumiti ang dalaga. At nagpakawala ng buntong-hininga.

“Kinausap ako ng Itay. Alam na niya ang tungkol sa atin. Gusto ko mang itanggi, hindi ko kayang magsinungaling. Tulad ng mama mo hindi din siya pabor dahil sa estado ng buhay namin.”

Niyakap niya ang nobya. “Ilang beses ko bang sasabihin sa iyo na hindi importante kung mahirap ka man. Ikaw ang mahalaga sa akin.”

Kumawala ito sa pagkakayakap niya. “Hindi puwedeng puro tayo lang. Ano na lang ang sasabihin ng mga tao? Hindi ako komportable sa iisipin nila sa akin.”

“Ano’ng gusto mong mangyari?” Napatiim-bagang siya.

“Hindi ko alam.”

Napailing na lamang siya at muling hinawakan ang mga kamay ni Isabel. “This coming weekend I’m going back to Manila. Ayokong umalis na magkagalit tayo. Wala kang kontrol sa iisipin ng iba. Hayaan mo na sila. We don’t owe anyone an explanation. Ikaw lang at ako.”

Nakangiting naglakad pabalik sa mansion si Marcus. Mas masaya lagi ang mga araw niya rito sa hacienda dahil kasama niya si Isabel. Too bad ilang araw ay babalik na siya sa Maynila.

“Talagang dinala mo pa ang babaeng iyon sa cottage sa aplaya,” salubong ni Doña Matilda sa kanya.

Inaabangan talaga nito si Marcus. Ang cottage na pag-aari nila ang tinutukoy nito.

Nagulat si Marcus. Inalis niya ang nakasabit na beach towel sa balikat. Alas cinco na ng hapon. Kahahatid lamang niya kay Isabel.

“Hindi mo alam kung ano itong ginagawa mo?”

Kung hindi pa nakita ng trabahador natin, hindi ko pa malalaman na doon pala kayo nagpunta,” patuloy ng ina.

“Mama, we just went to the beach.” Mababa ang tinig niya.

“I’m sure pinag-uusapan na tayo ng mga tao. Ano na lamang ang sasabihin ng mga amiga ko? Nakakahiya!” Lukot na lukot ang mukha ng ginang.

“Wala kaming ginagawang masama.”

“Is that so? Sino’ng maniniwala sa iyo? Ipinapahiya mo ako sa mga tao. This would be the last time you’d see that girl.”

Napabuntong-hininga siya.

“Marami akong pangarap sa iyo, anak. Huwag mong sayangin dahil lamang sa isang katulad niya.”

“Gusto ko si Isabel,” matigas na pahayag ng binata.

Nagulat at hindi nakapagsalita ang babae. “Hangal ka, Marcus! Si Alexandra ang gusto ko para sa iyo at hindi ang basurang Isabel na iyan. Sundin mo na lang ang mga gusto ko.” Gigil na gigil ito.

Frustated na napatingin siya rito. Paulit-ulit ito

Ikaw Pa Rin - Monica Dana

tungkol kay Alexandra kahit sinabi na niyang wala siyang gusto sa dalaga. Tinalikuran na niya ang ina bago pa humaba ang diskusyon.

3

Nagkikinangan ang mga ilaw sa mansion. Masayang naghuhuntahan ang mga bisita ni Doña Matilda. Kaarawan nito kung kaya't isang magarbong selebrasyon ang ginanap.

Suot ng ginang ang isang mamahaling sleeveless na gown. Nag-uumapaw ang masasarap na pagkain, Nag-hire ng catering service ang ginang. Abala ang lahat lalo na sina Isabel at ang inang si Nora. Tumutulong sila sa pagse-serve ng pagkain. Paminsan-minsan ay sinusulyapan ng dalaga ang direksyon ni Marcus.

Hindi niya mapigilang mapahanga sa taglay nitong kaguwapuhan. Katabi nito sa isang mesa si Alexandra, pamangkin ng isa sa mga amiga ni Doña Matilda. Ang dinig niya ay galing ito sa Amerika at kailan lang nagpasyang manatili sa Pilipinas ang pamilya nito.

Napakaganda ni Alexandra. Maputi ito, matangkad at balingkinitan ang katawan. Hindi niya mapigilang magselos nang makitang nag-uusap ang dalawa ni Marcus at nagngingitian. Nahagip niyang tinampal ng babae ang balikat ng kanyang nobyo.

Napangiti ang huli.

“Isabel, i-serve mo raw itong juice sa mesa nina Doña Matilda,” utos ni Nora sa anak.

“Opo.” Kinuha niya ang tray na may lamang pitcher at ilang baso. Hindi na siya nagreklamo kahit may mga waiters naman na puwedeng gumawa niyon.

Tinungo niya ang kinaroroonan ng ginang. Malapit na siya sa mesa nang matisod at tuluyang madapa. Nabuwal ang pitsel sa tray at nabasa ng juice ang paa ng isang bisita. Masakit ang tuhod na tumayo siya.

“Ano ba ’yan, Isabel? Simpleng bagay lang hindi mo pa magawa nang maayos,” sermon sa kanya ni Doña Matilda. “Hayan at nasira mo pa ang mamahaling sapatos ni Doktora Veronica. Ang tanga-tanga mo. Paano mo babayaran iyan?” Nakasimangot ito.

“It’s okay, Matilda, hindi niya kasalanan. Nakita ko ang nangyari. Are you okay, Miss?” nag-aalalang tanong pa ng doktora.

“Okay lang po,” sagot niya, bagaman nasaktan talaga siya. Tiniis niya iyon at dinampot ang tray at ang ilang piraso ng nabasag na mga baso.

“Ligpitin mo nang maayos at baka masugatan pa kami,” nakaismid na utos ng ina ni Marcus.

Hiyang-hiya si Isabel. Naiiyak siya. Ramdam niyang sa kanyang nakatingin ang mga tao. At narinig ng mga ito sa sinabi ni Doña Matilda.

“Tulungan na kita.” Hinawakan siya ni Marcus sa balikat.

“Huwag na, kaya ko na ito. Bumalik ka na sa upuan mo.” Tinalikuran na niya ito.

“Marcus!” tawag ni Doña Matilda. Nakamasid pala ito sa kanila.

Nakabalik na sa kinaroonan ng ina si Isabel. Napatingin ito sa tray na hawak niya.

“Ano’ng nangyari sa iyo?” Nag-alala ito.

“Nadapa po ako,” aniya at hinaplos ang tuhod matapos ilapag ang tray sa mesita sa isang tabi.

“Okay ka lang ba, Isabel?” nag-aalalang tanong ni Marcus.

Sumunod pala ang binata.

“Marcus!” Nagulat sila sa tinig ni Doña Matilda. “Hindi ba talaga kayo titigil?” Binalingan nito si Isabel. “At ikaw naman, Isabel. Akala ko’y kay hinhin

mo iyon naman pala’y nasa loob ang kulo mo. Layuan mo ang anak ko!” At hinila nito palayo si Marcus.

“Ano ba, Mama?” Pumiksi si Marcus sa hawak ng ina. “I’m sorry, Isabel.”

“Hinihintay ka na ni Alexandra. Don’t you dare ruin this party because of this trash,” may diing sabi ng ina nito.

Tinalikuran ito ni Marcus.

Inihatid na lamang ng tingin ni Isabel ang mag-ina. Hiyang-hiya siya dahil maraming tao ang nakasaksi sa paninermom at pamamahiya sa kanya ng doña.

Pinalis niya ang luha at ipinagpatuloy ang ginagawa. Kailangan pa nilang magsilbi dahil hindi pa tapos ang kasiyahan sa hacienda.

“Salamat sa lahat ng nakadalo sa aking kaarawan. Sa mga kaibigan kong tumulong sa preparation, maraming salamat. Sa aking *unico hijo*, salamat sa iyong regalo. We have our differences, but you know how much I love you.” Binalingan nito ang anak na si Marcus.

Nagpalakpakan ang mga tao.

“I wish you happiness with Alexandra.”

Nagpalakpakan muli ang mga tao.

Kinantiyawan si Marcus ng mga kaibigan nito.

Nanginginig si Isabel. Awtomatikong napatingin siya sa dalawa. Tuwang-tuwa si Alexandra habang si Marcus ay nakatingin lamang dito. Parang tinarakan ng kutsilyo ang kanyang puso. Masakit iyon. Nagpaalam na siya sa ina at umuwi sa kanilang bahay. Buong magdamag na umiyak siya.

Baliw siya para umasa sa pag-ibig nila ni Marcus. Ano ang laban niya kay Alexandra? Ano ba ang akala niya? Seseryosohin siya ng binata?

Oo, gusto siya nito, pero iyon lang iyon. Kung mayaman siguro sila, baka tratuhin din siya ni Doña Matilda nang maganda.

Kinaumagahan seryosong dumulog sa hapagkainan ang amang si Mang Carmelo. Hindi makatingin dito si Isabel dahil namamaga ang kanyang mga mata dahil sa pag-iyak kagabi. Silang dalawa lamang ng ama ang nasa bahay dahil maagang nagtungo sa mansion ang ina para mangusina. May mga bisita pa rin kasi si Doña Matilda na nakitulog sa mansion.

“Umiyak ka na naman ba kagabi, Isabel?”

Humigop ito ng kape. “Kinausap ako ni Doña Matilda bago ako umuwi.”

Napatingin siya rito.

Humugot ito nang malalim na hininga. “Anak, hindi masama ang magmahal. Ngunit minsan ay kailangan din nating iayon ang ilang bagay.”

“Ang alin, Itay? Ang estado ng buhay natin sa kanila? Katulad ka na rin nila. Ilang beses ko bang maririnig ’yan, Itay?” Hindi niya maiwasang magtampo.

Napailing ito. “Iyon ang katotohanan, anak. Humanap ka na lang ng katulad natin. Iyong mga binatang anak ng katulad ko rin. Kailangang mangako ka, anak. Natatakot ako sa puwedeng gawin sa atin ni Doña Matilda. Wala tayong ibang kabuhayan kundi ang hacienda. Kung paaalisin niya tayo, wala tayong mapupuntahan, Isabel.” Napatungo si Mang Carmelo. “Ayokong sabihin ito, anak, pero baka paglaruan ka lamang ni Marcus.”

Malungkot na bumalik siya sa kanyang silid. Lahat ng tao ay hindi sang-ayon sa kanila ni Marcus. Maging ang sariling ama ay walang bilib sa pag-ibig sa pagitan ng mayaman at ng mahirap.

Nanikip ang dibdib niya. Napaluha siya dahil

sa sari-saring emosyon. Hindi ganoon kadaling kalimutan na lamang ang lahat. Mahal na mahal niya si Marcus.

Nagtungo rin sa kusina ng mansion si Isabel. Mugto ang mga mata niya habang tumutulong sa ina. Abala siya sa paglalampaso nang bumukas ang pinto at iniluwa ang lalaking iniiyakan niya kagabi pa.

“Hinanap kita kagabi, bigla ka na lang nawala.” Mukhang kakaligo lang nito dahil basa pa ang buhok.

Tiningnan lang niya ito at ipinagpatuloy ang ginagawa. “Kailangan pa ba akong magpaalam sa iyo? Sino ka ba?”

“Galit ka ba sa akin?” tanong muli nito. “May nagawa ba ako?”

Diniinan niya ang paglalampaso gamit ang mop.

Napailing ang lalaki. “Nice. I am talking to the wall.” Nakatingin ito sa dalagang parang walang pakialam.

“Puwede ba? Madami pa akong gagawin. Si Alexandra na lang ang asikasuhin mo. Ang sweet ninyo kagabi. Kulang na lang langgamin kayo.” May himig pagseselos sa tinig ng dalaga.

Napangiti si Marcus. “Iyan ba ang dahilan kaya ka nagtatampo? Nagseselos ka? Pinagseselosan mo si Alexandra.”

“Ayoko na, okay? Doon ka na lang sa kanya. Mas bagay kayo,” aniya, inilublob ang mop sa tubig at saka piniga iyon sa timba.

“Hindi totoo ang sinabi ni Mama kung iyan ang dahilan ng pagtatampo mo. Hindi ko gusto si Alexandra.”

“Iba yata ang nakita ko kagabi. Kulang na lang magyakapan kayo.” Humaba ang nguso niya.

Sinubukan siyang hawakan ni Marcus pero pumiksi si Isabel.

“Ayoko na. Tigilan na natin ito,” pinal na sabi niya.

“Ganoon lang kadali?”

“Huwag nang matigas ang ulo mo, Marcus.”

“Mag-usap tayo mamayang alas cuatro sa batis. Hihintayin kita.” Iyon lang at umalis na ito sa kusina.

Bumukas ang pinto na mula sa hardin sa likod-bahay at pumasok si Doña Matilda. Nabistahan nito ang likod ni Marcus. Nagulat siya nang biglang nitong

hilahin ang kanyang braso.

“Ikaw, hindi ka na mapagsabihan, ano! Sadyang malandi ka talaga,” nanggigigil na sabi ng babae.

“Nasasaktan po ako.” Pilit niyang hinihila ang braso mula sa hawak nito.

“Hindi lang iyan ang aabutin mo sa akin. Kagabi ka pa!” Nanlilisik ang mga mata nito.

“Isang beses ko pang makita na magkasama kayo, palalayasin ko na talaga kayo sa hacienda. Mga sampid lang kayo dito, Isabel. Iyan ang pakatandaan mo.” Dinuro siya nito. “Hindi ikaw ang babaeng pinangarap ko para sa anak ko. Nakita mo si Alexandra kagabi. Maganda at mayaman. Siya ang nababagay sa anak ko. Humanap ka ng katulad mong mahirap.” Sinabunutan pa siya nito.

“Tama na po!” Hawak niya ang buhok na hinihila nito.

“Doña Matilda!” sigaw ng kanyang ina na kapapasok lamang sa kusina.

“Pagsabihan mo din iyang anak mo, Nora. Masyadong maharot.” Lumabas na ito ng kusina.

Umiiyak na yumakap sa ina si Isabel.

“Tahan na, anak.” Hinagod ni Aling Nora ang kanyang likod.

“Napakasama niya, Inay.” Humagulgol siya sa matinding sama ng loob.

Mabilis ang mga lakad na tinungo ni Isabel ang kinaroroonan ng batis. Kung tutuusin ay huli na siya dahil ang usapan nila ay alas cuatro. Mag-a-alas cinco na. Nag-aalangan siya kung nandoon pa rin ba ang lalaki. Baka umalis na ito. Gusto niyang makita si Marcus bago man lang ito bumalik ng Maynila kaya nagbaka-sakali pa rin siya.

Nagpalinga-linga siya pagdating sa batis. Sinuyod niya ng tingin ang lugar. Walang Marcus siyang nakita.

“Isabel!” Nandoon pala ito sa likod ng malaking bato. Nakangiti itong lumapit sa kanya at mahigpit siyang niyakap.

Tinanggal niya ang pagkakayakap nito sa kanya. “Hindi ba’t kayo na ni Alexandra?” Napalitan ng inis ang kanina ay pananabik na nadarama niya.

“Nagseselos ka ba?” Pilyong nakangiti ang lalaki.

Tiningnan niya ito nang masama.

“Huwag ka nang magalit.” Ninakawan siya nito ng halik sa pisngi.

Pagkuwa’y hinila nito ang kanyang batok at inilapit nito ang mga labi sa kanyang bibig. Nanigas siya at napapikit ang kanyang mga mata. Bumilis ang tibok ng kanyang puso dahil sa pinagsamang kaba at pananabik.

Kakaibang sensasyon ang dala ng mainit nitong halik. Akala niya ay sa drama lamang iyong napapakapit ang babae sa leeg ng lalaki. Naiintindihan na niya ngayon. Pakiramdam ni Isabel ay mabubuwal siya sa pagkakatayo kaya’t napayapos ang mga braso niya sa leeg nito.

Nagsimulang maging mapaghanap ang halik nito. Napahigpit ang yakap niya. Ilang saglit pa bago humiwalay ang mga labi nito sa kanya.

“Galit ka pa rin?” Nagniningning ang mga mata nito habang nakatingin sa namumula at bahagyang nakabuka pang mga labi ni Isabel.

“Ngingiti na ’yan.” Kiniliti siya nito.

Mabilis siyang umilag at tumakbo. Hinabol siya ni Marcus at humantong sila sa kubo.

Malakas pa rin ang kabog ng dibdib ni Isabel

kahit kanina pa siyang nakaupo. Ang pinagsaluhan nila ang kanyang unang halik. At nang lumapat ang mga labi ni Marcus sa kanya, iyon na yata ang pinakamasarap na pakiramdam na naranasan niya.

Nagkatitigan sila ng lalaki. Nawala ang mga ngiti sa labi nito. Nakita niyang dumako muli ang tingin nito sa kanyang mga labi. Napapikit si Isabel at naramdaman ang muling paglapit ng mukha nito sa kanya. Natagpuan niya ang sarili na gumaganti ng halik dito.

Naramdaman niya ang mainit na katawan nito sa ibabaw niya. Nakahiga na pala sila sa sahig ng kubo. Malalim ang paghinga ni Marcus at nakakaliyo ang mga halik nito. Nagsimulang maglakbay at maging mapangahas ang mga kamay nito.

Dumako ang halik nito sa kanyang leeg, pababa sa kanyang dibdib. Napahinga siya nang malalim. Isa-isang tinanggal ni Marcus ang butones ng kanyang blusa. Isang saglit lang ay tumambad dito ang mayaman niyang dibdib.

“You are so beautiful, Isabel,” anas nito.

Napapikit siya lalo na nang damahin nito ang kanyang dibdib.

Nag-init ang katawan ni Isabel at parang hindi

niya magawang imulat ang mga mata dala ng matinding sensasyon.

“Marcus,” ungol niya nang laruin ng dila nito ang tuktok ng kaliwa niyang dibdib. Hindi na siya nagprotesta nang tanggalin nito ang pang-ibabang kasuotan niya. Parang may sariling isip ang mga kamay niya na tinulungan pa ang nobyo na tanggalin ang mga damit nito.

Malaya niyang dinamang ang matigas na dibdib at mga kalamnan ng lalaki. Napaungol ito. Lalo lamang nag-alab ang katawan ng magkasintahan sa kanilang kahubdan.

Nang maramdaman niya ang kahandaan ng lalaki ay nagpaubayang lubos si Isabel.

Bumaon ang mga daliri niya sa likuran nito sa naramdamang sakit. Tila may kung anong takip na napunit sa loob niya.

“I love you, Isabel,” sabi ng lalaki habang hinahalikan siya sa labi. Patuloy ito sa paggalaw sa ibabaw niya. Unti-unting napalitan ng hindi maipaliwanag na sarap ang hapding dumaan.

Hinapit ni Marcus ang hubad na katawan ni

Isabel. “Ayokong bumalik sa Manila. I don’t want to leave you here alone. But I need to finish this semester. After I graduate this year, babalik ako sa hacienda. I’m going to marry you, Isabel.”

“Hindi kaya nabibigla ka lang? Natatakot ako sa puwedeng mangyari. Baka palayasin kami ni Doña Matilda. Alam mo namang sukdulan ang galit ng mama mo sa akin.”

“Shh,” pigil nito sa iba pang sasabihin niya. “You are the one I want, Isabel.”

Hindi napawi ang mga agam-agam sa dibdib niya sa kabila ng mga pangako ni Marcus.

4

Lumipas ang mga araw at nagpatuloy ang buhay para kay Isabel. Nasa Maynila na si Marcus kung kaya natigil na rin si Doña Matilda sa pagmamaltrato sa dalaga. Ngunit sa tuwing makakasalubong niya ang ginang ay masamang tingin ang ipinupukol nito sa kanya.

Masakit iyon para sa kanya, pero ipinag-kibit-balikat na lamang niya.

Mabagal siyang bumangon mula sa pagkakahiga. Ilang araw nang hindi maganda ang pakiramdam niya. Hindi niya maintindihan kong ano ang nakain niya at tila hindi na nawala ang kabag sa tiyan niya.

Nalukot ang ilong niya nang maamoy ang iginigisa ng ama. Tila napatapang ng amoy ng nainitang mantika at bawang. Nilapitan niya ito at sinulyapan ang kawali. Naggigisa ito ng itlog na may kamatis.

“Napakabaho naman yata, Itay, ng iginigisa ninyong iyan.” Lumayo na siya at umupo sa upuang gawa sa kawayan. Nagtakip pa siya ng ilong, umaasang mawawala ang amoy ngunit tila nanuot

na iyon.

“Lagi ko namang niluluto ito,” sagot nito at sinulyapan siya.

“Itay, nagsangag din pala kayo ng kanin. Gusto ko po ng pritong itlog, iyong walang kamatis.” Biglang kumalam ang kanyang sikmura.

Nitong mga nakaraang araw, napapalakas ang kain niya ng kanin sa umaga. “Sabay na po tayong kumain.” Ipinagsandok niya ng kanin ang ama.

“O siya, sige.” Inihain na nito ang pritong itlog na hiniling niya.

“Itay, hindi ba dadaan kayo sa manggahan? Ipitas n’yo naman po ako ng mangga. Kahit ilang piraso lang at pahihinugin ko.” Panahon na kasi ng mangga. Kagabi pa siya natatakam kumain niyon.

“Ikuha mo ako ng supot nang hindi ko makalimutan.” Tumayo na ito.

“Ako na magliligpit diyan, itay,” saway niya sa ama nang makitang inaayos nito ang pinagkainan nila.

“Aalis na ako,” paalam nito.

Iniabot niya rito ang isang eco bag. “Ingat kayo,

Itay.”

Sinimulan niyang hugasan ang mga plato. Natigilan siya nang makaramdam siya ng pagkahilo at napilitang maupo. Parang pagod na pagod siya samantalang mahaba naman ang tulog niya kagabi. Muli ay naalala niya si Marcus. Kumusta na kaya ang lalaki? Miss na miss na niya ito.

Linggo. Magiging abala sila dahil may mga bisita na naman ang doña. Nakaugalian na ng mga amiga nito na sa hacienda magdiwang sa tuwing mayroong may kaarawan sa magkakaibigan. Mayayaman ang mga kaibigan nito. Isang doctora at ang tatlo ay negosyante sa bayan. Ang isa ay asawa ng mayor. Sikat kung ituring ang mga ito sa bayan ng Sta. Ines.

Silang dalawa lamang ng ina ang tagaluto sa mansion nang araw na iyon kaya madaling araw pa lang ay ginising na siya ng ina. Napakabigat ng kanyang katawan, ngunit pinilit niyang bumangon. Pitong putahe ang luluuin nila, bukod pa sa maja blanca na hiling ng isang kaibigan ng doña.

Magaling magluto ang kanyang ina kaya hindi ito mapalitan ng ina ni Marcus bilang pangunahing kusinera.

Naghihiwa siya ng sibuyas nang mapahinto si Isabel. Hindi kasi kaiga-igayang amoy.

“Matagal ka pa diyan?” tanong ng ina na magsisimula nang magluto. “Ano’ng nangyari sa iyo?”

Iniabot niya rito ang mga nahiwa nang sibuyas. “Nasusuka po ako sa amoy.” Napangiwi siya. “Ano pa pong babalatan?”

“Iyong mga patatas,” sabi ng ina at isinalang na ang kawali.

Nang maggisa ito ng bawang ay napilitang lumabas si Isabel sa tindi ng amoy. Nagtataakang sinundan siya ng tingin ng ina.

Sa buong panahong nagluluto sila ay pansin ni Nora na tila pagod na pagod si Isabel. Naging napakasensitibo ng pang-amoy ng anak at dumadaing din ng sakit ng ulo.

Alas cinco na sila nakaalis sa mansion. May dala silang supot ng pagkain na ipinauwi ng doña. Hindi naman ito madamot, sadyang matapobre lamang.

Pagpasok na pagpasok niya sa bahay ay nakita niya ang supot ng mangga. Malalaki ang mga iyon at berdeng-berde ang kulay. Napalunok siya.

“Salamat, Itay,” nakangiting sabi niya sa amang

nakahiga sa papag.

Kinuha niya ang ilang piraso ng mangga at inilagay ang mga iyon sa nangangalahating sako ng bigas. Mas madaling mahihinog ang mga iyon doon.

Kinuha niya ang naiwang mangga sa supot at binalatan iyon. Natakam siya nang makitang manilaw-nilaw na iyon.

Nakamasid lamang si Nora. Kinabahan ito sa kakaibang ikinikilos ng anak. “Hindi ba’t kakakain mo lang ng leche flan? Baka sumakit ang tiyan mo niyan?”

“Ilang araw ko nang gustong kumain nito, Inay.” Isinalin niya sa mangkok ang dalang kare-kare at sa isang platito ang kasamang bagoong. Sumandok siya ng kanin. Nagsimula siyang kumain muli. Nakita niyang nakatingin lamang ang ina.

“Kain tayo ulit, Inay.” Tinanguan lamang siya nito at nagtataakang pumasok sa kuwarto.

Nakahiga na sila ng ina. Mula sa bintana ay tanaw ang buwan at mga bituin. Nakakagaan ng pakiramdam ang pagmasdan ang mga iyon. Isabay pa ang lamig ng mabining hangin. Magkatabi silang

dalawa ng ina matulog habang ang kanyang ama ay sa kabilang higaan.

“Dinatnan ka na ba?” tanong ng ina. Nahagip nito ng tingin ang pakete ng sanitary napkin na hindi nagalaw nang buwan na iyon.

Natigilan siya. At umiling. Halos dalawang buwan na rin pala ang nakalipas. Nakalimutan niya ang tungkol doon.

“Baka pagod lang ako, Inay. Sabi kasi nila, minsan kapag stressed, hindi agad dumadating. Hindi ba’t ganoon din ang nangyari sa akin noong nakaraan?”

“Marahil,” sang-ayon ng ina. Ilang saglit pa nakatulog na rin ito dahil sa matinding pagod.

Gising pa rin si Isabel. Naalala niya si Marcus. Kumusta na kaya ito? Ano ang ginagawa nito? Naaalala rin kaya siya nito?

Sa pagpikit niya ay ang imahe ng lalaki ang kanyang nakita. Niyakap niya ang unan. Naihiling na sana ay muli niyang mayakap ang binata. Nakatulugan niya ang pag-iisip dito.

Nag-aalala si Nora. “Isabel, magtapat ka sa akin,” aniya. Kakaiba kasi ang ikinikilos ng dalaga.

Madalas ay tanghali na kung ito ay magising. Tamad na tamad itong kumilos at halos masuka sa tuwing sila ay magluluto. Hindi na rin ito tumatanggap ng mga tahiin.

Iba ang kutob ni Nora, pero ayaw niyang isipin iyon. Napakabata pa ni Isabel para roon. Pero kailangan niyang magtanong, protektahan ang anak sa abot ng makakaya.

“May nangyari ba sa inyo ni Marcus? Magtatatlong buwan na pero hindi ka pa rin dinadatnan.”

“Opo, Inay.” Hindi makatingin nang derecho ang dalaga sa ina.

Kumpirmadong buntis si Isabel. Sinamahan siya ng ina sa kaibigan nitong doktor. Pinanlamigan siya ng katawan at natakot. Hindi pa siya handa.

“Kailangan itong malaman ni Marcus,” sabi ng ama nang nasa bahay na sila at ipinaalam dito ni Nora ang lahat.

“Patawarin n’yo po ako.” Napaiyak siya.

“Tama na iyan. Wala na tayong magagawa, nandiyan na iyan. Biyayang galing sa Dios ang anak, Isabel.” Tumingin ang ina sa kabiyak. “Ikaw na ang

magpaalam kay Doña Matilda, Carmelo.”

Hinagod ng ina ang kanyang likod upang mapatahan siya.

“Huwag ka nang mag-alala, anak. Nandito kami ng itay mo para sa iyo. Magiging maayos din ang lahat, magtiwala ka.”

Sa bawat araw na dumadaan ay may mga pagbabago sa katawan ni Isabel. May mga oras na sumasakit ang puso niya. Gusto niyang kumain ng marami ngunit parang hindi siya natutunawan nang maayos. Nagkalaman ang dati ay kupis niyang tiyan. Matakaw siya sa tulog na kahit anong pigil niya ay hindi maawat ang antok.

“Nagbibiro ka ba, Carmelo?” nakataas ang kilay na tanong ni Doña Matilda. Kita sa mukha nito ang matinding disgusto sa narinig. Kasalukuyan silang nasa pribadong opisina ng babae.

“Tatlong buwan nang buntis si Isabel,” ani Carmelo.

Patlang.

“Pagkatapos ng mga naitulong ko sa inyo ganito pa ang igaganti n’yo sa akin?” sumbat ng babae.

“Hindi ba’t nakiusap ako sa iyo, Carmelo, na ilayo ninyo ang anak mo sa anak ko?” Lukot na lukot ang mukha nito.

“Nagmamahalan naman sila,” pagtatanggol nito.

“Sabihin mong nagpapatawa ka. Gusto mong tanggapin ko na lang, ganoon ba?” Umismid ito. “Ang hirap sa iyo, kinukunsinte mo ang malanding anak mo. Kung tutuusin, kayo ang may kasalanan dahil pinabayaan mo ang anak mo.” Umiling ito. Humitit ng sigarilyo. “Bueno, ano pa nga ba’ng magagawa natin? Nandiyan na iyan tulad ng sinabi mo. The good thing is, at least, napatunayan ni Marcus hindi pala siya baog.” At nang-iinsultong tumingin ito sa kaharap.

Binuksan nito ang drawer at may kinuha sa loob. Inilagay nito sa harapan ng lalaki ang dalawang bungkos ng lilibuhin.

Napatingin si Carmelo sa babae.

“Madali naman akong kausap, Carmelo. Puwede nating solusyunan ang problemang ito para sa ikabubuti nating lahat. Sapat na siguro ang perang iyang. Dalawang-daang libo. Pumunta ka sa klinika ni Doktora Monica.” May sikat na paanakan ang manggagamot sa Sta. Ines. “Dalhin mo d’on si Isabel.

Kakausapin ko siya at alam na niya ang gagawin sa anak mo. Mabilis lang iyon. Pagkatapos ay makakauwi na rin siya na para bang walang nangyari.”

Nakangiti na ang babae ngayon. Kung magsalita ito ay tila napakanormal lang ng sitwasyon.

“Gusto mong ipalaglag ang sariling dugo mo?” Hindi makapaniwala ang lalaki.

“Ano’ng inaasahan mo, Carmelo?” Napataas na ang tinig nito. “Na dahil nabuntis ng anak ko ang malandi mong anak ay papayag na ako sa anumang gusto mo?” Nakakalokong tumawa ito. “Hindi sa anak mo nababagay si Marcus. Hindi ko siya binuhay para lamang sa katulad ni Isabel. Mataas ang pangarap ko para sa kanya, Carmelo.”

“Kung makapagsalita ka, akala mo hindi ka galing sa hirap!” galit na sabi ni Carmelo.

Hindi lingid dito na anak din ng katulong ang babae. Mataas ang pangarap nito kung kaya’t umangat. Usap-usapan noon na nagtrabaho ito sa Japan, na madalas ikaila ng babae.

“Isa ka lang puta na nagtrabaho sa club, Matilda! Marumi ka kumpara sa anak ko! Magpasalamat ka dahil minana mo ang kayamanan ni Don Rodrigo dahil kung hindi baka patuloy kang magiging isang

bayaran!”

“Aba’t talagang sinusubukan mo ako?” Dumilim na ang mukha nito.

“Sanay ka na kasing magpalaglag sa bayan. Hindi tanga ang mga tao, Matilda, para hindi malaman ang baho mo! Nagkamali ako. Si Marcus dapat ang una kong kinausap.”

“Iyan ang huwag mong susubukang gawin, Carmelo. Hindi mo pa alam ang puwede kong gawin sa inyo,” banta nito. “Walang utang na loob! Lumayas kayo sa hacienda. Lumayas kayo!” Umalingawngaw ang tinig ng babae sa apat na sulok ng silid na iyon.

“Wala kang karapatang paalisin kami dahil si Don Rodrigo ang nagbigay sa amin ng lupang iyon.”

“Hintayin mo ang gagawin ko,” banta nito.

Lumabas na ng silid si Carmelo.

Pagod man galing sa university ay ganadong sumulat si Marcus. Marahil pangatlo na iyon sa isang linggo. Most of his love letters to Isabel were short. Sa dami ng iniintindi niya bilang graduating student, hindi siya makauwi ng Sta. Ines.

Nagtataka siya dahil sa dami ng sulat na ipinadala niya kay Isabel ay wala man lamang sagot ni isa mula sa dalaga. He missed her so much. Nasira ang cellphone nito at hindi niya ito nabilhan bago siya umalis kaya hindi niya ito makontak. Ayaw naman niyang kumustahin ito sa mga kakilala dahil baka makarating iyon sa kanyang ina at pakitaan pa lalo nito ng hindi maganda ang kanyang nobya.

Araw ng Linggo at nagsimba ang mag-anak ni Carmelo. Pagkatapos ng misa ay agad umuwi ang tatlo. Naglalakad na sila papasok sa entrada ng malaking arko papasok sa hacienda nang makasalubong nila ang humahangos na si Berto. Kasamahan ito ni Carmelo sa trabaho.

“Mang Carmelo, ang bahay ninyo nasusunog!” hinihinal na sabi nito.

Hindi na nakapagsalita ang isa man sa kanila. Tumakbo na si Carmelo. Sumunod si Nora, ngunit bago ito umalis at binalingan nito ang anak.

“Dito ka lang, Isabel,” bilin ng ina. “Hayaan lang kami ng Itay mo.” At agad itong sumunod sa asawa.

Nang makarating si Isabel sa harap ng kanilang bahay, naabutan niyang isinasalba ng ama ang isang

lumang baul. Lumalaki na ang apoy. Akmang papasok muli ang ama ngunit pinigilan ito ng kanyang inay.

“Malaki na ang apoy, Carmelo!” umiiyak nang sabi ni Nora.

“Kaya ko ito, Nora!” At inalis ng lalaki ang pagkakahawak ng asawa sa braso nito.

“Itay, huwag na!” sigaw ni Isabel na kadarating lang. Nilalamon na ng apoy ang maliit nilang bahay. Itim na itim ang usok na nagmumula roon.

Hindi nagpapigil si Carmelo. Ilang segundo pa, may bumagsak na kahoy sa gitnang parte ng bahay at nakita niyang sinusubukan ng amang makawala mula roon.

“Carmelo! Tulungan n’yo ang asawa ko!” hagulgol ni Nora.

Akmang dadaluhan nito ang kabiyak ngunit mabilis itong pinigilan ng mga lalaking nandoon.

Sunog na sunog ang katawan ni Carmelo na halos hindi na ito makilala. Agad din nila itong ipinalibing. Nakiramay naman ang mga kasamahan nila sa hacienda. Pansamantalang nanuluyan ang mag-ina sa isang kapit-bahay.

“Matilda, lumabas ka diyan!” sigaw ni Nora na sumugod sa mansion. “Alam kong nandiyan ka lang, animal ka!” Noon lamang nakita ni Isabel na nagalit nang matindi ang ina.

Nakita nilang may sumilip sa bintana sa itaas, sa silid ni Doña Matilda. Nilabas sila nito. “Ano’ng kailangan mo sa akin?” tanong nito.

“Hayop ka! Alam kong ikaw ang nagpasunog sa bahay namin. Ikaw din ang dahilan ng pagkamatay ni Carmelo. Si Don Rodrigo ang nagpatira sa amin dito, hindi ikaw! Wala kang karapatan na paalisin kami!” Inaawat ni Isabel ang ina. Hindi na dapat niya ito pinayagang umalis nang sabihin nitong kakausapin lamang nito ang babae.

“Una sa lahat ako na ang nagmamay-ari sa lupang ito. Lahat ng natatanaw ng mga mata mo ay akin. Patay na ang sinasabi mong nagpatira sa inyo dito. Kung may karapatan kang tumira dito, pakitaan mo ako ng titulo,” hamon ng babae.

“Wala kang kasing-sama, Matilda!” Nangilid ang luha ni Nora.

“Lumayas kayo sa hacienda!” Nakapustura ang babae at mukhang may lakad. May dala itong handbag.

“Paano ang dinadala ni Isabel? Kailangang malaman ito ni Marcus.”

“Walang kailangang malaman ang anak ko. Pera ba ang kailangan ninyo?” Kumuha ito sa pera sa bag at isinampal iyon sa mukha ni Nora. “Iyan ang pera.”

“Walanghiya ka!” Sinabunutan ng ina si Doña Matilda.

“Aray, nasasaktan ako! Tulungan nyo ako! Roman!” tawag nito sa katiwala.

Atubiling lumapit si Roman.

“Umalis na kayo dito, Isabel,” nag-aalalang sabi nito. Gustuhin man tumulong ay hindi magawa.

“Mataas kayo ngayon, Doña Matilda. Ngunit hindi iyan panghabang panahon,” sabi ng lumuluhang dalaga. Inalalayan niya ang ina sa paglakad at inakay ito palayo sa lugar na iyon.

Masayang dumulog sa hapag-kainan si Marcus. Hatinggabi na siya nakarating sa Sta. Ines kagabi. Sa wakas ay nakapagtapos na siya. Hindi na siya makapaghintay na makita si Isabel. Hindi niya sinabi sa huling sulat niya rito na uuwi siya dahil gusto niya itong sorpresahin.

“Good morning, son. I’m happy you’re here,” nakangiting bati ni Doña Matilda.

“Good morning, Mama,” nakangiting bati niya sa ina. Nagtaka si Marcus nang hindi mapansin si Manang Nora na siyang naghahain noon. “Nasaan si Manang Nora, Mama?”

“Matagal na silang wala dito. Nasunog ang bahay nila at ako pa ang sinisisi. Bayaran ko daw ang nasira. Nagbigay naman ako ng pera kaya hayun, umalis ang mga walang utang na loob.” Naglagay ito ng toasted bread sa plato.

Natigilan si Marcus.

“My goodness, hijo, kung iyang Isabel na iyan lang naman ang hinahanap mo, wake up! Hindi siya ang para sa iyo. Nandiyan si Alexandra. Maganda at mabait ang batang iyon. At higit sa lahat, may negosyo ang pamilya niya.” Ngumiti ang ina.

Napatiim-bagang ang binata. Tumayo siya mula sa hapag mabilis na lumabas ng mansion.

“Marcus, saan ka pupunta? Kumain ka muna!” sigaw ng ina.

Lakad-takbo ang ginawa ng binata upang makarating sa kinaroroonan ng bahay nina Isabel.

Ngunit ni walang bakas ng dating kubo na nakatayo roon. Sinalakay ng matinding kaba ni Marcus. Nakakita siya ng isang trabahador sa di kalayuan. Napansin siya nito.

“Nandito pala kayo, señorito.” Matipid at alangang ngumiti si Berto.

“Alam n’yo ho ba kung saan lumipat sina Isabel?” mabilis na tanong niya.

“Pasensya na po, pero wala silang sinabi kung saan sila lilipat. Umalis na din sila agad pagkatapos mailibing si Mang Carmelo.”

“Pataynasi Mang Carmelo?” hindi makapaniwalang tanong niya.

“Namatay ho siya sa sunog. Sige ho, mauna na po ako sa inyo.” Nagmamadaling umalis ito nang makitang papalapit si Doña Matilda.

Gulung-gulo ang isipan ng binata. Tinalikuran niya ang ina at mabilis na naglakad pabalik sa mansion.

“Magandang gabi, Mang Kanor,” bati ni Marcus sa matanda. Pinuntahan niya sa bahay ang isa sa mga katiwala sa hacienda na malapit sa pamilya ni Isabel.

“Magandang gabi, Señorito Marcus. Gabi na po. Ano po’ng sadya ninyo?” Ibinukas nito ang pinto nang mas maluwang para papasukin siya.

“Mang Kanor, may alam ba kayo kung saan lumipat sila Isabel?”

Natigilan ang matanda. Nag-isip muna ito. “Matapos mailibing si Carmelo ay agad na din silang umalis. Hindi ako sigurado pero may nabanggit si Nora na sa Bulacan daw muna sila. Kung saan sa Bulacan, iyon ang hindi namin alam.”

Napahinga nang malalim si Marcus. “Wala ho bang iniwan na cellphone number o address man lang?”

Umiling ito.

Pinalakas ng binata ang loob. Kahit paano ay may nakuha siyang lokasyon na puwedeng paghanapan.

“Hayaan ninyo, señorito, kung sakaling may matanggap kaming balita mula sa kanila ay sasabihin ko agad sa inyo.”

“Sige po, salamat.” Nagpaalam na siya.

Kinabukasan ay maagang gumising si Marcus.

Nakahanda na ang backpack niya. Pupunta siya sa Bulacan. Hindi niya alam kung saan doon siya magsisimulang maghanap.

“Marcus, anak. Why are you up so early?” tanong ni Doña Matilda nang makita siya.

“I’m going out with my friends. Kailangan kong pumunta sa Manila,” pagsisinungaling niya. Alam na niya ang mangyayari kapag nagsabi siya ng totoo.

Kumunot ang noo nito, hindi kumbinsido sa kanyang sinabi. “Bakit hindi mo na lang sila imbitahan dito? Hindi pa tayo nakapag-celebrate para sa graduation party mo.”

“I have to go, Ma. Don’t worry about me. I’ll call you.” Lumabas na siya ng bahay.

“Hanggang kailan ka doon?” habol nito. Napapailing na lamang ang babae habang sinusundan ng tingin ang papalayong anak na ni hindi nag-abalang sumagot.

Napabuntong-hininga si Marcus. Napakalaki ng Bulacan. Saan nga ba siya magsisimula? Sa Bocaue ba o sa Sta. Maria?

Umpisahan mo sa malapit, anang isip niya.

With that he started the car and followed his intuition. Dala ang isang litrato ni Isabel ay bumaba siya ng sasakyan at nagsimulang magtanong-tanong. He went to the public market. Hapon na, at may ilang tao na rin siyang nakausap. Pero pulos iling lang ang sagot ng mga ito. Kumain lang siya nang makadama ng gutom at naghanap ng matutuluyan nang mapagod.

Sa bayan ng Sta. Maria siya sunod na nagpunta. Nagtanong na siya sa barangay hall, sa mga ospital, sa pulis. Nagbahay-bahay siya. Sa hindi iilang pagkakataon ay napapatingin lang ang kanyang tinatanong sa kanya. Pagkatapos ay ngingiti. Ngunit katulad ng mga nauna niyang napagtanungan, wala sa mga ito ang nakakakilala kay Isabel o kay Aling Nora.

He would not lose hope. Itutuloy niya ang paghahanap sa kabilang bayan.

Walang kapaguran siyang nagtanong. Napabuntong-hininga siya. He could not give up now. Sa pagpikit niya ay ang ang nakangiting mukha ni *Isabel* ang nakita.

Nabuhayan siya ng pag-asa.

How he missed Isabel.

Ang bayan ng Norzagaray ang huling bayan na pinuntahan ni Marcus. Parang mailap ang suwerte sa kanya. Masakit man sa kanyang loob, kinailangan na niyang itigil ang paghahanap.

“Subukan mong huwag hanapin, anak, baka sakaling magpakita iyan,” sabi ng matandang babaeng nagtitinda ng mais.

Napatango na lamang siya at malungkot na nginitian ito.

Bigo siya sa paghahanap kay Isabel. He would stop for now, but it didn't mean that he was giving up.

He decided to hire a private investigator.

Sa isang maliit na bahay na iyon sa liblib na bahagi ng Bulacan pansamantalang nakituloy si Isabel at ang ina. Malayong kamag-anak nila ni Aling Nora si Tiya Belinda. Biyuda na rin ito at ang iisang anak na babae ay caregiver sa ibang bansa. May pamilya na roon ang babae at bihirang umuwi ng Pilipinas.

Wala sa loob na napaluha ang dalaga habang nakahawak sa tiyan. Lalabas ang anak niyang walang amang magigisnan. Gustuhin man niyang hanapin si Marcus sa Maynila ay hindi niya kaya.

Ikaw Pa Rin - Monica Dana

Nasaan na ang pangako nito na hindi siya pababayaan? Totoo ang mga sinabi sa kanya ng ama. Sana nakinig siya rito. Tuluyang nang humagulgol ang dalaga.